# Prologue

"Dad, why don't you calm down?" mahinahong suhestyon ni Aleana sa daddy niyang kanina pa nagagalit sa kanila ni Charm. Natatakot siyang baka atakehin na naman ito sa puso sa sobrang kunsumisyon. Para silang nabalik sa panahon noong mga bata pa sila ng kanyang best friend—makukulit at maloko. At kapag sinesermunan sila ng daddy niya ay wala na silang nagagawa kundi ay mapapikit na lang at mapakagat ng labi.

"How can I calm down? Ang buong akala ko ay tapos na kayo sa mga kalokohan n'yo. But it seems you're not over it yet. You left the company in Manolo's hands para lang sundin ang gusto n'yo?" tukoy nito sa EVP ng *Lacsamana Group of Companies*. "Kung hindi ko pa natuklasang nawawala pala ang sulat ko galing kay Camelia at kung hindi ko pa pinilit si Manolo na sabihin ang lahat ay hindi ko pa malalaman ang totoo. Ikaw ang President at CEO ng kompanya, pero mas pinili mo pang unahin ang sarili mo kaysa sa mga empleyado natin na nakadepende sa kompanya? Mahigit dalawang linggo kang nawala, Aleana!"

Napangiwi na naman siya nang bahagyang tumaas ang boses nito. “Eh, Dad, hindi ko naman ho pinabayaan ang kompanya. Tumatawag-tawag pa rin sa ’kin si Mya kapag may mga desisyong kailangan ng approval ko.”

Ang buong akala ng ama ay pansamantala siyang tumutuloy sa condo unit na malapit sa head office nila sa Makati. Palagi niya itong tinatawagan at sa tuwing naglalambing ito na umuwi na siya ay lagi siyang nagpapalusot na ipinagpapasalamat niya na binibili nito. Pero mukhang nitong nakakaraan ay nagdududa na ito kaya kinompronta rin ang Tito Manolo niya. Kaduda-duda naman kasi talaga, hindi siya ang tipo ng anak na makakayang hindi makita ang ama sa loob ng isang linggo. Tumutuloy man siya noon sa condo niya ay umuuwi pa rin siya every weekend.

Ipinagpapasalamat niya na nga lang na nang nabuko sila ng ama ay may nakuha na silang magandang resulta. Mahigit isang buwan din nilang hinanap si Camelia simula nang inatake sa puso ang daddy niya at malaman ang tungkol sa babae. Dalawang linggong nagpabalik-balik si Mya sa dating bahay ng babae sa Cavite na sa kasamaang palad ay may bago ng nakatira. Ang ngayon ay boyfriend na nito – si Tristan.

Ipinaubaya niya muna sa sekretarya ang paghahanap dahil kasalukuyan siyang nasa New York noon kasama si Charm na noon ay broken-hearted. Ang planong isang linggong pananatili ay naging dalawang linggo nang kidnapin ang kaibigan. Sa muling pagbabalik niya sa Pilipinas ay sumama na ito at nangakong tutulungan siya sa paghahanap kay Camelia. Doon nila nadiskubre ang tungkol sa mga nawawalang sulat ng babae para sa daddy niya. Nagkaroon pa ng love problem sina Mya at Tristan noon kaya umabot ng isa pang linggo bago nila nakuha ang unang sulat sa bahay ng huli.

Pagkatapos ay lumipad agad sila ng Cebu kung saan tumuloy si Camelia sa kaibigan nitong babae na nagkataong ina ng lalaking nang-kidnap kay Charm sa New York—si Iver, na ngayon ay boyfriend na ng best friend niya. Ang inaasahang pangalawang sulat ay hindi nila nakuha dahil nasa daddy na pala niya iyon.

For one week ay nakapunta sila ng Cebu at Davao. Nakilala nila ang pamilyang pinaglingkuran ni Camelia as governess, maging ang pamilya ng naging teacher nito sa Davao. Natagalan lang sila ni Charm sa Davao ng isang linggo dahil nagkaroon ng aberya sa flower farm nina Lyc Morales–ang may-ari ng flower farm na tinirhan ni Camelia. Tinulungan

pa nila ito.

"We just want you to be happy kaya hinanap namin si Camelia. Alam naming iyon ang nagpapabigat sa dibdib mo. Alam ko ring wala kang ibang minahal na babae kundi siya kaya pinapagod mo ang sarili mo sa pagtatrabaho. Hindi kalokohan itong ginagawa namin."

"Oo nga naman, Tito. Aren't you glad na nakita na namin si Camelia?" Si Charm, sinubukang magpa-cute kahit duda siya kung tatalab pa iyon sa daddy niya ngayon.

"Glad? Ginulo n'yo ang buhay ng tao! She's already married and—"

"She's not married, Dad," putol niya sa ama. Nagitla ito sa ibinunyag niya. "May pinagdadaanan lang na family problem ang mga Medrano nang mga panahong pumunta ka kaya nakuha ni Ramon Medrano na magsinungaling sa 'yo. Nagkaroon lang ng misunderstanding sa pagpunta mo doon. Ramon Medrano was never married to Camelia dahil may sarili na itong pamilya," tukoy niya sa pamilya kung saan ay naging governess si Camelia. Ni-relay niya ang nakuha nilang impormasyon sa asawa ng namayapang si Ramon.

Natahimik si William. Hindi makapaniwala. Litung-lito ang mukha nito. Tila may gustong kompirmahin pero natatakot sa maaaring isagot nila.

"Single pa rin si Camelia, Tito William." Si Charm na ang nagkalakas ng loob na sagutin ang piping tanong ng ama niya.

Napaupo sa sofa nang wala sa oras ang ginoo. Sapo-sapo nito ang ulo. Pagkuwan ay napahilamos sa sariling mukha gamit ang dalawang kamay. Mababakas ang pagsisisi sa expression nito.

Napaluha si Aleana nang makita ang naghihirap na kalooban ng nakalakhan at kinilala niyang ama. Hindi niya alam kung ilang taon na itong may dinadalang mabigat sa loob. Ang sigurado niya lang ngayon, bago pa man siya dumating sa buhay nito, pinapatay na nito ang sarili sa pagtatrabaho.

Six years old siya nang ampunin ni William Lacsamana. Pinulot sa kalsada, binihisan, pinag-aral, minahal at tinuring na parang totoong anak. Ngayon ay twenty-five years old na siya. Kung kukuwentahin, halos dalawang dekada na itong may tinatago sa dibdib. Kung mahigit pa sa dalawang dekada, iyon ang hindi niya pa alam sa ngayon.

Nakita niya ang paghagulhol ng ama. Naawang

nilapitan niya ito. Lumuhod siya sa harap ng ama. "Dad, it's not yet too late."

Umiling-iling ito.

"Do you still love her?" mahinang tanong niya.

"I still do. Wala akong ibang minahal mula noon hanggang ngayon kundi siya lang."

"Then, what's the problem? Ito na ang pinakahihintay mo, Dad. Magkikita na kayo ni Camelia. Makakahingi na kayo ng tawad sa kanya at magkakaroon na ng second chance ang pagmamahalan niyo."

"Hindi iyon gan'un kadali, Aleana. Ang laki ng kasalanan ko kay Camelia at hindi—"

"Ang kondisyon niya lang ay makompleto mo ang lahat ng sulat, Dad. Ipakita mo lang sa kanya ang lahat ng sulat, alam niya ng pursigido kang makipagbalikan sa kanya."

Inangat nito ang ulo. "So you knew about the letters and the hunt? Kaya ninakaw mo sa 'kin ang dalawang sulat ko?" tukoy nito sa sulat na nakuha ng mga katulong nang araw na atakehin ito sa puso at ang pangalawang sulat na sinadya niyang ipakuha kay Mya nang hindi nito nalalaman. Ito ang sulat na

nakatago sa bahay ng mga Olivares–ang isa pang best friend ni Camelia.

Nakangiting tumango siya. "Ang unang sulat na iyon ang dahilan kaya ka inatake sa puso."

"I was so lonely that day. Dahil wala akong ginagawa, biglang bumalik sa akin ang mga alaala niya. It was her birthday then. I reread her letter. Naaalala ko lahat ng kabutihan niya, ang isinukli kong kamalian and a lot of what if's flooded my mind. I got so depressed that my heart ached."

"Dumalaw ako d'un sa orphanage kung saan kayo parehong nanggaling, ikinuwento sa 'kin ni Mother Flor ang childhood days n'yo. We also went to Cebu and have met Camelia's girl best friend, Laila."

"She helped you?" di-makapaniwalang sabi nito.

"Well, not really. Galit na galit siya sa 'yo, Dad."

Bahagya itong tumango. "Hindi ko siya masisisi. I was a total jerk and asshole during my younger years. Palihim akong nagrerebelde noon sa mga umampon sa 'kin. Nainggit ako sa kalagayan ng buhay ni Camelia. Dahil kahit hindi kasing-yaman ng pamilya ko ang umampon sa kanya, they treated her like she was their own daughter. Samantalang ako, hindi ako minahal ng foster dad ko. Araw-araw

ay ipinamumukha sa 'kin na ampon lang ako. Para sa tulad kong bata pa lang ay nawalan na ng ama't ina, mas importante ang pagmamahal ng isang magulang kaysa ng anumang material na bagay na puwede nilang maibigay.

"I was twenty-five years old when my foster parents died in a plane accident. Lahat ng kamag-anak ng parents ko—na bigla na lang nagsulputan nang mamatay ang mga ito—ay nagwala nang ipamana sa 'kin ni Mama ang lahat ng kayamanan. Gusto nilang makihati sa kayamanan. Kung anu-anong panlalait ang binigay sa 'kin. Iyon ang mga panahong wala na sa buhay ko si Camelia."

"When did you get Camelia's first letter?"

"Buhay pa ang mga magulang ko n'un. Halos gabi-gabi ay naglalasing ako. Nang minsang malasing ako, napagsalitaan ko siya ng masasakit ng salita. Pero sa kabila niyon ay hindi ako iniwan ni Camelia. Magulo na ang utak ko n'un at wala na sa matinong pag-iisip. I kissed her as her punishment. But the kiss led to another and the next thing I knew, nagising ako sa kama ko nang walang damit, wala na siya sa tabi ko at sulat na lang ang iniwan."

Sa sinabi ng ama ay mas sumidhi ang hinalang noon pa man ay naiisip niya na. Simula pa lang nang

magkausap sila ni Laila Olivares.

“Noong pinagtutulungan ako ng kamag-anak ni Mommy, wala akong ibang mahingan ng sama ng loob dahil wala na siya sa tabi ko. Hinahanap-hanap ko ang mga ngiti niya, every comforting words at pagpipilit na patawanin ako. That’s when I realized na mahal ko pala siya. And that I was a jerk for letting her go. Bigla akong nagising sa mahabang pagkakatulog. Pero huli na ang lahat kaya pinili kong ibuhos lahat ng atensyon sa negosyong iniwan sa akin. Inisip ko din na sa dami ng sakit na ibinigay ko kay Cam, hindi ako nararapat pa para sa kanya. Nanalo ako laban sa mga kamag-anak nina Mama. I worked hard. Pero kahit gaano man ako ka-successful sa career, hinahanap ko pa din si Camelia. So I finally decided to look for her after three years. At dahil wala na sila sa dati nilang tinitirhan sa Cavite, pinuntahan ko kaagad si Laila. Alam kong walang ibang pupuntahan si Camelia kundi siya. Nagkasagutan kami, pero sa huli ay tinulungan niya pa din ako. Sinamahan niya pa ako sa bahay ng mga Medrano.”

Napatango si Aleana. Ngayon ay narinig niya na ang side ng daddy niya. Her father was not a total jerk after all. Nagkataon lang na nagrerebelde ito nang mga panahong nagkita sila ulit ni Camelia. Marami itong issues sa buhay.

"Ang buong akala ko talaga ay may asawa na siya. Naduwag na 'kong kausapin siya nang araw na makita ko siyang masayang nakikipaglaro sa dalawang bata, at nang sabihin sa 'kin ni Ramon na pakakasalan nito si Camelia sa sandaling maayos na nito ang lahat."

Napakunot-noo siya sa huling sinabi ng ama. Dalawang bata? Nag-iisang anak lang si Nathaniel ng mga Medrano! At noong mga panahong iyon, hindi pa naipapanganak si Yara!

Pero bago pa niya maisatinig ang pagtataka ay sumingit na si Charm sa kanilang dalawa. Iniabot nito sa ama niya ang limang sulat na nakita nila. Dalawang sulat na galing sa daddy niya, isa na nakuha sa Cavite, sa Cebu at ang panghuli ay sa Davao.

"May iniwan din pong sulat si Camelia sa dating bahay nila sa Cavite, Tito. I guess gusto niya lang makasiguro in case hindi mo maisip na pupunta siya kina Laila," imporma ni Charm dito.

Tinanggap iyon ng matanda at tahimik na sinimulang basahin ang lahat. Sa eroplano pa lang ay nabasa na nila ang huling sulat na nakuha nila sa Davao.

*Yam,*

*Naaalala mo pa 'yung kuwentuhan natin noong mga bata pa tayo? Lalo na 'yung tungkol sa mga pangarap natin sa buhay. Bata pa lang tayo ay alam mo nang gusto kong magkaroon ng isang flower shop. Kahit maliit lang. Mukhang matutupad na ito ngayon. Tapos na ang pag-aaral ko kay Mrs. Helen Morales. Pagkatapos nito ay dadalawin ko muna sina Mama sa Canada. Manghihiram ako ng pang-capital para makapagsimula ng negosyo.*

*Fiore. Di ba ang ganda ng pangalan? Iyon ang plano kong ipangalan sa magiging flower shop ko.*

*Mahal pa din kita. At hanggang ngayon ay hinihintay ko pa din ang pagbabalik mo. Maghihintay lang ako sa Baguio. Ipinagdarasal kong makuha mo ang lahat ng sulat.*

*Please do. Ayokong mauwi sa wala ang paghihintay ko. Umaasa pa rin akong ikaw ang nararapat sa pagmamahal ko.*

*Cam*

Maingat na tiniklop ng daddy niya ang lahat ng sulat matapos iyong basahin. Pagkuwan ay nababahalang tumingin sa kanya. “More than thirty years had passed. Paano kung napagod na siya sa kahihintay? Paano kung hindi niya na pala ako mahal?”

Ipinatong ni Aleana ang dalawang kamay sa magkasalikop na kamay ng daddy niya. Marahan iyong pinisil. “Naniniwala ako, Dad, sa totoong pag-ibig. Pure and selfless love can wait. Kahit ilang taon man ang dumaan. At iyon ang mayroon si Cam para sa ’yo. Please don’t fail her.”

Malungkot itong ngumiti sa kanya.

# 1

“Will you make tigil that?” saway ni Veronica kay Fontaine; looking disgusted while watching her.

Napamata siya. “Why ba? Can’t you see, I’m eating? Like… as in kain, you know? Why do want me to make tigil, eh, I’m so gutom pa! It’s not as if you’re gonna pay for this, ano,” hindi nagpapatalo at nakataas pa ang kilay na sagot niya. With their usual coño language and accent, kadalasang kinaasaran ng sinumang makakarinig ang usapan nila. Wala silang pakialam sa sasabihin ng mga tao sa kanila.

“It’s so madami kaya!” paalala nito sa kanya.

“So?” Mas lalong umigkas ang kilay ni Fontaine.

“So?” ganti nito. “You always make paalala to your readers to stay fit. Pero you mismo, you can’t even make sunod with what you’re making sabi. What kaya ’yun? Hello?” Her friend rolled her eyes na ginaya niya naman.

“I’m pissed, Ve. I need to divert my inis to other things,” aniya at pagkatapos ay ngumuya na naman. Nasa isang sikat na restaurant sila nang mga oras na iyon. Mas pinili niyang sayangin ang oras sa piling

ng kaibigan kaysa makinig sa sigawan at debate ng mga magulang. Umagang-umaga ay away kaagad ang inatupag ng mga ito. Nakakawalang-gana. Kaya nagdesisyon siyang sa labas na lang kumain. Una niyang tinawagan ang kaibigan at kuya-kuyahan niyang si Zeth, pero hindi man lang ito sumasagot, so she contacted Veronica instead. Willing naman itong samahan siya dahil pareho lang sila ng kalagayan.

Veronica was her friend since college. They took up the same course–AB Communication–at the *Ateneo de Manila*. Nag-click kaagad sila dahil marami silang pagkakapareho sa buhay. Pareho silang may mga magulang na sikat sa bansa. Veronica's parents owned one of the top fifty companies in the Philippines. While both her parents were in-demand lawyers in the country. Isa sa mga kliyente nila ang kompanya ng kaibigan. Ang iba pa nitong kliyente ay either artista, politiko at iba pang kilalang tao. Pareho silang only child, lahat ng luho ay nakukuha, may monthly allowance na binibigay ng mga magulang, credit cards na ang mga ito rin ang nagbabayad at higit sa lahat, pareho silang may mga magulang na kulang na lang ay mag-file ng annulment dahil wala nang ginawa kundi mag-away. Dangan nga lamang, dahil nga kilala, takot ang mga itong masira ang iniingatang reputasyon at masira ang kredibilidad.

Marami man silang pagkakapareho, may mga bagay pa rin na magkaiba sila. Mas madalas na laman si Veronica ng mga social parties ng mga mayayaman, hindi tulad niya na mas pipiliing magkulong sa bahay kaysa makipagplastikan at makipagpayabangan sa mga socialites. Kung ito ay nakadepende lang sa ibinibigay ng mga magulang, siya ay may pinagkakaabalahan sa buhay. Regular contributor siya sa isang sikat na newspaper sa Pilipinas. Binigyan pa siya ng weekly column sa newspaper na tinawag na, '*The F Thing*'. '*F*' stands for '*Fit, Fab, Fontaine*'. And three months after it was launched ay patok pa rin iyon sa mga readers. Lalo na sa mga babae na siya talagang target market niya. Para matulungan ang mga ito kung paano alagaan ang sarili. Her column mostly contained tips on caring for the skin and hair, the latest beauty products and fashion items. Kung minsan ay pati tungkol sa social life niya.

"Yeah. But you don't *hafta* eat like that. You're like patay gutom, you know? So kakawalang poise. And are you not takot na maging fat?"

Ngumiti siya nang matamis dito. "Ve, kahit I make kain pa ng super duper dami, hindi ako tataba. You know that, duh bah?"

Umirap ito. "Hmph! That's what I hate about you,

eh. You're making me inggit with your effortlessly sexy body!"

Hindi niya napigilan ang mapabunghalit ng tawa sa mukha ng kaharap. Unlike her na pamatay ang vital statistics kahit sandamamak ang kainin, ang kaibigan niya naman ay kailangang istriktong sumunod sa diet na binigay niya rito para ma-maintain ang katawan nitong halos tatlong buwan na binuno para lang mapantayan kahit paano ang vital statistics niya. Ito ang nakikinabang lagi ng weekly column niya.

"So where are you gonna make tulog tonight? Uuwi ka pa ba?"

Umiling si Fontaine. "I'll stay muna with Zeth for a couple of days. Knowing my parents, it would take weeks before they make bati and then two days para they'll make away ulit. You know, the sad and ugly truth of rich and smart parents."

"Sus! That's nothing new naman, eh. Why are you so affected pa? Eh, di ba since birth they're like that na? So dapat, you're sanay na."

At ulit, may tama na naman ang kaibigan. Dapat ay masanay na siya sa ganoon. All her life, she was never tagged as mama's girl or daddy's girl. She was a yaya's girl. Nakalakihan na ni Fontaine na ang

yaya niya ang kasa-kasama sa school, sa pagtulog, pagkain, paliligo at kung anu-ano pa. Kulang na nga lang ay ito ang um-attend ng mga PTA meetings niya sa school noon. Mabibilang lang ang mga panahong nakasama niya ang mga magulang sa importanteng okasyon sa buhay niya. Nakalakihan niya nang laging wala sa bahay ang mga ito at nasanay na siyang pera ang laging pambayad ng mga ito sa tuwing hindi nakakapunta sa graduation, recognition, recitals, etcetera. Minsan nga, pati birthday niya, nakakalimot pa ang mga ito.

"Of course I am. But it doesn't mean naman na I have to stay there and make kinig pa with their away. Eh, it's paulit-ulit lang naman na convo. So nakaka-stress kaya! Magkaka-wrinkles lang ako." Itinirik niya ang mga mata.

Kung noong bata pa si Fontaine ay iniiyakan niya ang sigawan ng dalawa, ngayon ay hindi na. She even went to convincing herself that it was their way of showing their love for each other. But later on… duh?! Sino ang niloloko niya? Sarili lang din niya. Kaya hinarap niya ang katotohanang she had her so called 'on-and-off' parents. Naka-on iyon kapag binibigyan siya ng allowance at binabayaran ang credit cards niya. At naka-off kapag wala sa bahay at puro kaso ang inaatupag. Once or twice a month

lang yata sila nagpapang-abot sa bahay.

"So, you'll make paampon muna with your Zeth?" May nasisilip siyang panunukso sa ngiti at mata ni Veronica.

"Hey! Don't look at me like that!" natatawang sabi niya. "This may sound so showbiz, but Zeth and I are just friends. Really! And we're not planning on crossing that line."

Sa buong buhay niya, dalawang tao lang ang maituturing niyang tunay na kaibigan: si Veronica at ang kuya-kuyahan niyang si Zeth. The rest were all just acquaintances. They just come and go in her life. May iba pang dumidikit lang sa kanya only because she's Fontaine Lopez, daughter of the two well-known lawyers in the Philippines and a certified fashion icon.

Zeth and Veronica were total opposites. Coño si Veronica—sa isip, salita at sa gawa—samantalang simpleng tao lang ang binata. Habang kinukuha ng dalaga ang pera nito sa mga magulang, si Zeth na ay isang secret investor. Mahilig itong maglaro sa stocks at maging mutual funds ay pinapasok. Kaya can-afford din itong hindi magkaroon ng full time job at magkaroon ng maluhong hobbies—like surfing and photography.

"Yeah, right." Hindi ito kumbinsido. "Since when ba kayo magkakilala? High school if I'm not mistaken, duh bah? For twelve years ba, didn't it make pasok in your mind na—"

"Oh, no no no!" putol ni Fontaine agad sa iba pa nitong sasabihin. Ginalaw-galaw niya pa ang hintuturo as a sign of no. "Don't you ever make isip about that! It's so icky kaya. Hello! I'm like his little sister and he's like my older brother na. And if I'll make isip lang na we're gonna make… like kiss? Ugh!" She shivered. "So gross, Ve!"

"So, there's really nothing going on between you two talaga?" paniniguro nito na ilang beses nang itinatanong sa kanya sa tuwing magkikita sila.

"Yup. Zero percent spark!" siguradong sagot niya at pagkatapos ay inilabas ang nagri-ring na *iPhone* na kabibili niya lang noong isang linggo. Pangatlong *iPhone* niya na iyon sa loob ng dalawang buwan. Ang dalawang nauna ay nakatuwaan niyang ipamigay sa mga katulong nila sa bahay. Nai-imagine niya pa ang maluha-luha at nakangiting mukha ng mga ito. Buong araw yata siyang pinasalamatan ng dalawa kahit nagmumukha nang sirang plaka.

"Hey, Princess!" bungad ng pinag-uusapan nila ni Veronica na si Zeth. 'Princess' ang tawag nito sa

kanya. "Tumawag ka kanina?"

"Yup. Where are you?" Bigla niyang tinampal ang kamay ni Veronica nang magtangka itong kumuha ng pagkain sa plato niya. Pinandilatan niya ito. '*Diet!*' she mouthed. Sumimangot lang ang kaibigan at humalukipkip.

"Baguio."

"You went home?" Kumunot ang noo niya. Walang nabanggit sa kanya ang lalaki noong isang araw na nag-usap sila sa telepono.

"Yup. Kahapon lang. Chini-check ko lang ang shop. Napasugod sa Canada si Mama, eh. Lolo's not doing well already. And I think kailangan ko ring sumunod anytime soon, so inaasikaso ko na ang shop bago ako umalis."

Ang shop na tinutukoy nito ay ang family business nina Zeth na flower shop. Dahil doon kaya nagkakilala ang mga magulang nila and eventually ay naging magkaibigan maging sila. Pareho lang silang only child at uhaw sa kapatid. Ang mama niya ang piniling abogado ng ina ni Zeth para sa legal documents sa pagpapatayo nito ng flower shop. Sa ngayon ay may dalawa nang branch ang flower shop ng mga ito—isa sa Session Road at ang isa ay sa

mismong bahay ng mga ito.

"Ah." Tumango siya. "Listen, is it okay if I make gamit muna your condo for tonight? I don't wanna go home pa kasi, eh."

Natawa ang lalaki sa sinabi niya. Alam niya kung ano ang pinagtatawanan nito. "Let me guess, you're with Veronica right now."

Maging siya ay natawa rin nang malakas. Kilalang-kilala talaga siya nito. "Yeah, actually."

"Obviously." Parang nakikita ni Fontaine maging ang ngisi nito. "Nagiging coño bratinella ka lang naman kapag kasama mo ang kaibigan mong 'yan."

Tama ito. Hindi siya natural na gumagamit ng coño lingo. Dangan, sa kasasama niya kay Veronica, minsan ay nahahawa na siya rito at nahuhuli ang sarili na nagsasalita na parang sosyal na kolehiyala. At iyon ay kapag nararamdaman niya na ang kakaiba at nakakainis na tingin ng mga tao sa kanya. Pero okay lang. Sinasadya niya naman talaga iyon.

Tumawa siya ulit. "'Eto kasing si Ve, eh. Nakakahawa. Besides, we're in a public place. Duh bah it's so nakakatuwa if you find those people around us na super inis? Like, they wanna make tusok our eyes everytime they roll and make us saksak para

we'll shut our mouth na?"

Tumawa na naman si Zeth. "Ewan ko sa 'yo. Umaandar na naman 'yang kagagahan mo. Kaya ka nami-misunderstand ng mga tao."

Lumabi siya kahit hindi nakikita ng lalaki ang facial expression niya. "I don't need your sermon right now."

"You can use my condo tonight. May susi ka naman, di ba?"

Tumango siya. "Yup. Thanks!" Kahit malapit sila sa isa't isa ng lalaki at para na talaga silang tunay na magkapatid, iginagalang pa rin nila ang privacy ng isa't isa.

# 2

“Bro, wala ako!”

Hindi naituloy ni Zeth ang balak na sasabihin kay Fontaine sa telepono nang mula sa pintuan ay basta na lang nag-ala-*Flash* sa pagpasok si Shawn at iyon agad ang sinabi sa kanya. Mabilis at patakbo itong lumapit sa kanya sa counter, itinukod ang kaliwang kamay doon, tumalon and landed on his feet on the other side of the counter. Ilang segundo lang ay katabi niya na ito. Napanganga siya lalo.

“What?” litong bulong ang pagkakasabi niya. Hindi niya naintindihan ang bungad nito sa sobrang bilis ng pagkakasabi. Ang sumunod na minuto ay ang pagtatago ni Shawn sa ilalim ng counter. Binuksan nito ang maliit na curtain sa ilalim niyon.

“I said thanks, Zeth,” sagot ni Fontaine sa kabilang linya sa pag-aakalang ito pa rin ang kausap niya.

“No, I’m not talking to you,” aniya sa dalaga. Dumukwang siya para makita ang mukha ng kaibigan na ngayon ay nagsusumiksik sa maliit na espasyo sa ilalim ng counter. “What the hell!” mahina, pero nanggigigil na bulong niya rito.

"Huwag kang tumingin dito!" taboy nito; mahina at nanggigigil din.

"What!" Nakakunot-noo pa siya at nakataas ang dalawang kamay. Pero nang mahagip ng tingin ang babaeng papasok ng flower shop ay agad na nakuha ni Zeth ang gusto nitong mangyari. Mabilis na tumuwid siya ng tayo at parang walang anuman na ibinalik ang cellphone sa tainga.

"Hello, Zeth? You okay there?" untag ni Fontaine sa kanya sa kabilang linya.

Eksakto namang papasok ng flower shop si Emily. Ang dahilan ng pagpa-parkour ni Shawn. Nagkunwari siyang hindi ito nakikita at ipinagpatuloy ang pakikipag-usap sa dalaga sa telepono.

"Oo naman. May siniguro lang akong—"

"Zeth, si Shawn?" galit na bungad ni Emily. Kulang na lang ay bumuga ng apoy ang mga mata at bibig nito at umusok ang dalawang tainga sa sobrang galit.

Nagkunwari siyang nagulat nang makita ito. "F, hold on," paalam niya kunwari sa dalaga at pagkatapos ay hinarap si Emily. Nakatira ito two blocks away from their house. Matamis siyang ngumiti rito. "Uy, napasugod ka? Ano'ng atin?" accommodating niyang

tanong.

“Nasaan si Shawn?”

“Shawn?” He tried his best to act innocently. Pasimple niyang tiningnan ang nakakuyom nitong kamay sa counter.

“Huwag na huwag mong pagtatakpan sa ’kin ang lalaking ’yun, Zeth. Nasaan siya? Alam kong ’andito siya sa Baguio kahapon pa.”

Umarte pa siyang natawa sa sinabi nito. “Sino ba’ng nagsabi sa ’yong pagtatakpan ko ang kumag na ’yun? Kilala mo ’ko, di ba? Alam mong ayokong-ayoko ng ginagawa niya. Pero sa maniwala ka ma’t sa hindi, Emily, wala siya dito. Pumunta yatang Session Road.”

“Ano’ng gagawin niya d’un?” Kumunot ang noo ng kaharap.

Nag-isip siya kunwari. Ikinunot pa niya ang noo para mas effective ang drama. “May imi-meet daw.”

Biglang nagbago ang anyo ni Emily from anger to panic. “Babae?”

Itinaas ni Zeth ang isang hintuturo. “That, I’m not sure.”

Mas lalong kumuyom ang isang palad nito at

mariing itinikom ang bibig. “Makikita ng Shawn na ’yun!”

Iyon lang at mabilis pa sa ipu-ipong tumalikod ito sa kanya. Ni hindi na nagpaalam pa.

“Yeah. Go teach him a lesson!” habol niya pa sa babae bago ito tuluyang makalabas. Napailing na lang siya at tila nahahapong itinukod ang isang kamay sa gilid ng counter. “Labas na diyan.”

---

“Wala na?” paniniyak ni Shawn kahit pa sinabihan na siyang lumabas ni Zeth. Hininaan niya pa ang boses at inilabas lang ng kaunti ang ulo mula sa pagkakatago, kahit pa nahihirapan siya sa posisyon niya roon.

“Wala na. Labas na diyan. Para kang gagong nagsusumiksik.”

Nang marinig iyon ay saka lang siya marahas na bumuga ng hangin at hinayaan ang sariling habulin ang paghinga. Hindi biro ang ginawa niyang pagtakbo mula sa clubhouse papunta sa bahay nina Zeth nang malamang hinahanap siya ni Emily. Lumabas siya sa pinagtataguan at hinarap ang kaibigan.

“Man, that was close! Whew!” bulalas niya.

Pinahid niya pa kunwari ang noo na para bang may tumulong pawis doon.

Natawa lang si Zeth sa kanya. “Si Emily ba talaga ’yun?” Tila hindi ito makapaniwala.

“Kapitbahay mo, hindi mo alam?” angil niya. Sumampa siya sa counter, kinuha ang stress ball na malapit sa lalaki at nilaro. Binato niya iyon sa kaharap na dingding at sinalo nang mag-bounce back sa kanya.

“It’s just that napakamahiyain niyan noon at parang kailangan mo pang utusan na tingnan ka sa mata kapag kakausapin mo.”

“Believe it, pare. Kahit ako hindi makapaniwala n’ung una na magiging gan’un ’yun!”

“’Yan ang napapala mo sa kakasyota ng kung sino na lang!” paninisi nito.

“Uy, hindi ko syinota ’yun ah!” agad niyang pagtatama. “Sa naaawa ako d’un sa babae. Walang tiwala sa sarili at pumapayag na apihin na lang ng mga akala mo sinong maganda niyang stepsister at stepmother. Mali ba ’yung i-boost ko man lang kahit paano ’yung ego niya?”

“Hindi daw syota. May kaibigan bang

hinahalikan?"

"Siya ang nanghalik sa 'kin! Wala akong kalaban-laban d'un. Alangan namang ipagtulakan ko? Eh, di nagmukha akong bastos?"

Napailing si Zeth. "Kaya sinagot mo na lang ang halik? Di mas lalong inakala na magsyota nga kayo. Nagkaroon na ng maipagmamayabang sa iba. Pinilit mo pang baguhin ang personality. Kita mo'ng nangyari? Daig pa ang pulis kung habulin ka."

Itinigil ni Shawn ang ginagawang paghagis sa bola, itinukod ang dalawang kamay sa gilid ng counter at lulugo-lugong umiling. "Ang hirap talaga ng guwapo, ano? Paano kaya natin masusolusyunan 'tong matagal na nating problemang 'to?"

"Ulol!" Kinuha nito ang stressball sa kamay niya at ibinato sa kanya. Tatawa-tawa siyang umilag.

"Zeth!"

Natigil ang tawanan nila nang marinig ang maliit na sigaw na iyon na nagmumula sa cellphone ng kaibigan niya.

"Shit!" mura nito nang maalalang nakabukas pa pala ang telepono at may naghihintay na kausap sa kabilang linya. Napatapik pa ito sa noo at natarantang

binalik ulit ang cellphone sa tainga. "F, sorry may inasikaso lang."

"Hilaw mo na namang kapatid?" matter-of-factly na tanong ni Shawn dito na para bang masasagot siya ng lalaki. "Sus, nagpapaniwala ka diyan sa bratinella na 'yan." Sinadya niyang lakasan ang boses para siguradong maririnig ng babae sa kabilang linya. Paluksong umalis siya ng counter. "Pakisabi, hi!" pang-aalaska niya.

Alam niyang inis sa kanya ang kaibigan nitong si Fontaine. Isang beses pa lang sila nitong nagkikita at alam niyang mutual ang inis na iyon. Iyon ay noong aksidenteng nagkita sila sa isang mall. Kasama siya ni Zeth noon at kasama naman ng babae ang kaibigan nitong kasing-arte nito. Ang sarap tirisin ng dalawa sa tuwing nagta-Taglish nang ubod ng arte, nakapilantik lagi ang mga daliri at binibigkas ang 'R' na para bang hirap itong bigkasin iyon nang tama. Nakakapanggigil at ang sarap manghagis ng gamit. Pakiramdam niya ay kumakati ang tainga niya kapag naririnig ang maarte nitong boses.

"Mukha mo daw," tatawang-tawang relay ni Zeth.

"Alam ko, guwapo," ganti niya at lumabas na ng shop. Iniwan niya ang kaibigang kausap pa rin ang

babae sa telepono. Hindi niya alam kung paano nito natatagalan ang maarte at coñita na babaeng iyon.

"S'an ka pupunta? Bumalik ka kaagad, marami pa tayong gagawin!" habol sa kanya ng matalik na kaibigan na sinagot niya lang ng pagtaas ng isang kamay habang ang isang kamay ay nakapamulsa.

Isa sa mga rason kung bakit sumama siya ulit sa kaibigan pauwi ng Baguio ay dahil nakiusap ito sa kanya na pansamantalang bantayan ang shop sakaling sumunod ito sa ina nito sa Canada. Malubha na kasi ang sakit ng abuelo nito at hinihintay na lang ang pagpanaw.

Wala namang kaso kay Shawn ang hinihinging pabor ng kaibigan. Madalas siyang sumama rito sa tuwing nagbabakasyon ito. Kilala niya na rin halos lahat ng tao sa subdivision dahil sa clubhouse siya madalas tumambay. At kahit masasabing panggulo lang siya sa shop, puwedeng-puwede siyang magbantay roon. Huwag lang siyang maging florist o pagawin ng sales report. Iyon ang kondisyon niya sa kaibigan, magbabantay lang siya. Sumang-ayon naman ito.

Zeth was his best bud. College pa lang ay magkaibigan na sila. They share the same passion for surfing, photography, investing on stocks and mutual

funds. Kaya kahit naturingang half-American siya at tisoy, hindi siya ganoon kaputi dahil sa kabibilad sa araw tuwing nag-su-surf at pumupunta sa iba't ibang lugar para lang kumuha ng pictures. Hindi nila iyon isinasali sa mga contest, hobby lang talaga nila.

Ang buong akala ni Shawn, kapag nabawasan ang pagkatisoy niya, mababawasan na ang mga babaeng lalapit sa kanya. Kaso nag-backfire ang plano niya. Mas dumami pa ang nagkagusto sa kanya.

Isa na roon si Emily. Their friendship lasted for only two weeks. Dahil two weeks lang din siyang nagbakasyon dito sa Baguio nang dalawin ng kaibigan ang mama nito six months ago. Aminado siyang malaki ang kasalanan niya sa babae. Hinayaan niyang halikan siya nito kaya inakala nitong mag-on na sila. Wala iyon sa plano niya dahil ang gusto niya lang ay mapagbago si Emily mula sa mahiyain at walang confidence na dalaga.

Ang buong akala niya nakalimutan na siya nito nang umalis siya ng Baguio. Pero mukhang malakas ang tama ng babae sa kanya kaya kahit anim na buwan na ang nakalipas, hinahabol pa rin siya hanggang ngayon. Sabagay, hindi niya masisisi ito at ang mga ex-girlfriends niya kung hinahabol pa rin siya hanggang ngayon. Bukod sa guwapo siya,

maalaga siyang talaga sa mga nagiging nobya niya. Sabi nga ng mga ito, perfect lover daw siya.

Naawa siya kay Emily nang makita ito sa isang araw sa clubhouse na nakayuko ang ulo habang pinagtutulungan ng tatlong babaeng hindi naman ganoon kaganda. Napag-alaman niyang stepsister nito ang isa sa mga iyon at alipores nito ang dalawang babae. Para siyang nanonood ng isa sa mga eksena ng mga usual teeny bopper *Hollywood* movies.

Right then and there, nagdesisyon siyang baguhin ang personality ni Emily. Gusto niyang magkaroon ito ng kumpiyansa sa sarili, matutong lumaban at magpaganda. Kaya kinaibigan niya ito. Kaso mukhang nasobrahan sa pagme-make over ang babae. Hindi niya akalaing pagkatapos ng two weeks ay didikit pa rin ito sa kanya.

Sabagay, sanay na naman si Shawn sa ganitong eksena. Nakailang tago na ba siya at ilang beses na siyang pinagtakpan ni Zeth? Napailing siya. Hindi niya na yata mabilang. Kasalanan niya ba kung malambot ang puso niya sa mga babae?

Pumasok siya ng gate at dumerecho sa likod-bahay nina Zeth. Kailangan niyang mamili ng mga kulay ng daisies para sa pagbibigyan niya bukas. Napangiti siya nang maalala ang babaeng permanente

sa buhay niya.

---

Walang balak na bumalik si Fontaine sa bahay pagkatapos niyang makipagkita at makipagchikahan kay Veronica. Kaya lang, sa sobrang pagmamadali niya kaninang umaga ay nakalimutan niyang isilid ang charger ng laptop niya. Tuloy ay kailangan niya pang dumaan muna sa bahay bago pumunta sa condo ni Zeth.

Kasabay ng paglabas niya ng kotse matapos iyong igarahe sa tapat ng main door ay ang paglabas naman ng mga magulang niya mula roon. May dalang malaking maleta ang daddy niya samantalang hinahabol ito ng talak ng mommy niya. Tumabi siya at pinanood lang ang mga magulang na para bang nanonood lang siya ng isa sa mga eksena sa soap opera.

Pinasok ng ama niya ang maleta sa compartment ng kotse nito at lumigid sa driver seat.

“’Bye, Dad! Take care!” magiliw na paalam niya sa ama. Kumaway pa siya kahit hindi naman siya sinulyapan nito. Pero at least, gumanti ito ng kaway habang pumapasok sa loob ng kotse.

Nang makalabas ng gate ang sasakyan ng ama

ay saka niya lang ipinagpatuloy ang naantalang pagpasok sa loob ng bahay. Pero bago iyon ay humalik muna siya sa pisngi ng ina na namumula pa rin sa galit. At kahit wala na ang ama ay nanlilisik pa rin ang mga mata nito.

"Fontaine!" galit na sigaw nito na nagpahinto sa kanya.

Nilingon niya ang ginang. "Yes, Mom?" kaswal na tanong niya.

"You really don't care, do you? Kumaway ka pa sa ama mo when you know for a fact na pupunta lang 'yun sa kabit niya!"

Inilahad niya ang dalawang kamay at bahagyang itinaas ang balikat. "What me do you want me to do? Cry and shout 'Daddy, Daddy, don't leave us'?" She grinned. "C'mon, Mom, that's soooo fifth grade." Tumalikod siya. Sa klase ng buhay at mga magulang na mayroon siya, kailangan niyang matutong maging bato. Dahil kung hindi, baka high school pa lang siya, nakikipagtawanan na siya sa mga baliw sa mental hospital.

Ang buong akala niya ay hahayaan na siya ng ina, pero mukhang magbabago ang takbo ng soap opera. Nagulat siya nang hablutin siya nito paharap

dito. For the first time ay ginawa iyon ng mama niya sa kanya.

“Don’t use that tone with me, young lady! We’re not yet done.”

Ngumiti siya. “Mom, hello? I just turned twenty-four three days ago. And I spent it with my friends as always, kasi the two of you are so busy with your cases, duh bah? So, calling me ‘young lady’ is I think not bagay na for me four years ago pa. You know?” She shrugged.

“Talagang wala ka nang respeto sa ’min ng daddy mo ano?” Naningkit ang mga mata ng ina.

“What’s your problem ba?” Hindi na siya nagpaka-plastic at inilabas na ang inis na kanina pang umaga kinikimkim. “Kayo ’tong may problema ni Dad, di ba? T’as binubunton n’yo ’yung galit n’yo sa ’kin? I didn’t do anything, right? I never interrupted. Hinahayaan ko lang kayo sa gusto ninyo. Bakit hindi n’yo din ako hayaan sa gusto ko?” Hindi niya matanggap na sabihan siya nitong walang respeto. Walang respeto ba ang tawag kung mas pinili niyang huwag seryosohin ang mga bagay sa paligid kaysa ang problemahin at iyakan ito? Simula pagkabata hanggang high school ay iyon na ang gawain niya. Alangan namang hanggang sa pagtanda niya ay

maging balat-sibuyas pa siya? Hindi siya masokista, utang-na-loob.

“Iyon na nga! Masyado ka naming hinahayaan sa gusto mo kaya nagkaganyan ka!”

“And what do you want? Umiyak ako araw-araw just because my parents don’t love each other anymore at wala nang ibang ginawa buong araw kundi ang mag-away at magdebate? You think I’m that six-year-old Fontaine pa din na tatakbo sa paa n’yo na umiiyak and beg the two of you to stop fighting? I’m not that weakling Fontaine, Mom! The hell I care kung mag-away kayo oras-oras! Kung pagod na kayo sa isa’t isa, why don’t you file an annulment na lang para matahimik na ’tong mga buhay natin?”

“How dare you say that! Kami pa din ang nagpapakain sa ’yo!”

“Oh!” bulalas niya kunwari. “So now, ipinamumukha n’yo sa ’kin ang monthly allowance na binibigay n’yo? Then, fine! I don’t need your money. You don’t have to give me anything anymore!” Iyon lang at tumalikod na siya sa ina.

“At ano’ng pinagmamalaki mo? Your nonsense weekly column?” habol na sigaw ng ina.

Huminto siya at nilingon ito. Matiim itong

tiningnan. “At least I’m happy with what I’m doing. Eh, kayo?” Agad siyang tumalikod at ipinagpatuloy ang paglalakad.

Wala siyang narinig na sagot mula sa ina.

# 3

Nakapamulsa at pasipul-sipol pa si Shawn ng isang pamilyar na kanta habang naglalakad pauwi sa bahay nina Zeth. Katatapos niya lang mag-basketball sa clubhouse at saglit pa siyang nakipagkuwentuhan at nakipagtawanan sa mga babaeng naroon.

Aliw na aliw ang mga ito sa mga biro niya. Lalo na nang para siyang pastor na nag-homily tungkol sa kahalagahan ng isang babae. Gusto niyang matutong lumaban at ipagtanggol ng mga ito ang sarili laban sa mga taong umaabuso be it emotionally, physically or psychologically. Gusto niyang gumaya ang mga ito sa mommy niya na sa kabila ng pagiging single ay naitaguyod siya nang maayos. Hindi sumuko at kinalaban ang mga taong tumatapak dito. Cool at palaban. Walang inuurungan. Iyon ang tinatawag na girl power.

*Amen to that. Sumapi ka na lang kaya sa Gabriela?* pang-aalaska niya sa sarili. Pero ang babaeng naabutan niyang nagsasara ng shop nina Zeth ay hindi kabilang sa mga kino-consider niyang twenty-first century women. Alien ito.

*Ano'ng ginagawa nito dito?* kunot-noong tanong

niya sa sarili. Nakasuot ng maikling black shorts ang babae, light yellow spaghetti-strapped top at nakapusod paitaas ang buhok kaya kitang-kita niya ang makinis at maputing batok nito. Naka-*Havaianas* lang ito kaya kita niya ang mamula-mulang sakong nito. At habang inaabot nito ang rolling door na hindi nito maibaba ay nasisilip ang makinis at maputi rin nitong baywang.

Nilapitan niya ang babae. Kahit hindi niya ito gusto, hindi siya bastos para hindi ito tulungan. Babae pa rin ito.

"Ako na diyan." Hindi niya na hinintay ang sagot nito. Hinila niya na ang rolling door. Kita niya sa sulok ng mga mata ang pagkagulat nito sa biglaang pagsulpot niya.

"I didn't know you're a gentleman pala," kaswal nitong sabi. Ni hindi man lang naisipang magpasalamat at mas naisip pang pasimple siyang insultuhin.

*Naka!* Dudugo na naman ang tainga niya sa alien na ito. "Isang beses pa lang tayong nagkikita. Ni hindi nga tayo nag-usap, nalaman mo na kaagad na hindi ako gentleman?" manghang tanong ni Shawn.

Kumibit-balikat si Fontaine. "Well, for a playboy,

heartbreaker and a—"

"Whoah, whoah, whoah…" awat niya sa matalas nitong dila. "Sino'ng nagsabing playboy ako? Correction, Miss, iba ang playboy sa lovable."

"So you're saying na all the tsismis are not true about you?"

He grinned. "Tsismis? Bakit, artista na ba ako? Di ko alam 'yun ah!"

"Duh!" Nalukot ang ilong nito. "You wish! The tsismis that socialites and young elites are making kalat. You know, we have the same circle of friends lang. And whether I like it or not, I can make sagap tsismis about you."

Siya naman ang kumibit ng balikat. "Nagpapaniwala ka sa mga 'yun. Naiinggit lang mga 'yun dahil hindi ko niligawan." Inilahad ni Shawn ang kamay. Nakuha nito ang gusto niyang sabihin kaya inilagay nito roon ang susi ng shop.

"Hah! The ever chauvinist pig Shawn Montecillo."

"And the ever Taglish-speaking coño bratinella Fontaine Lopez." Ginaya niya ang maarte nitong tono at pagsasalita.

Maarteng pinasingkit nito ang mga mata.

Halatang napikon. “I hate your guts.”

He flashed his killer smile. “And I hate your tongue. Hindi mo ba puwedeng ituwid ’yan?”

“Paki you ba?” angil nito.

“Talagang may pakialam ako, tainga ko ang dumudugo, eh! Ang sakit kaya sa tainga ng boses mo at pagsasalita,” prangkang sabi niya rito.

“The hell I care with your tainga.” Sumimangot ito at walang sabi-sabing tumalikod.

“Wow…” bulong niya. “Maraming salamat sa pagtulong ha!” pahabol niyang sigaw sa babae na hindi naman nito sinagot.

Natatawa at napapailing na lang siya.

---

“God, I hate your friend!” nanggigigil na sigaw ni Fontaine kay Zeth pagkapasok na pagkapasok niya sa loob ng bahay.

Nakaupo ang binata sa sofa habang seryosong nakatutok sa laptop nito. Ipupusta niyang abala na naman ito sa paglalaro ng stocks. Padaskol na umupo siya sa tabi ng kaibigan at ipinikit ang mga mata. Nag-breathing exercise siya para mawala kahit paano

ang inis.

"Sino? Si Shawn?"

"May iba ka pa bang kaibigan na sobrang hambog at may pakiramdam na parang regalo siya ng Diyos para sa aming mga babae?"

Narinig niya ang pagak nitong pagtawa. "Si Shawn nga. Ano ba'ng ginawa niya sa 'yo? Nagpa-cute at dumiga?"

Nagmulat siya ng mata at tila nandidiri na tiningnan ang lalaki. "Ewww! Of course not!"

"Ah, so kaya ka naiinis dahil hindi niya napansin ang beauty mo?" Malapad ang ngiti nito. Hinampas niya ito ng throw pillow. Tumatawang umilag agad ito. "O, bakit?"

"P'wede ba!?" inis niyang sabi. "Never kong pinangarap na ligawan ng bastos na lalaking iyan!"

"Marinig lang 'yan ng ex-girlfriends at mga humahabol kay Shawn, baka sabunutan ka."

Umirap si Fontaine. "If I know, ginayuma niya lang ang mga babaeng iyon kaya siya hinahabol-habol at sinasagot." Humalukipkip ang dalaga. Nai-imagine niya pa rin ang matamis at nakakalokong ngiti nito sa tuwing kinakausap siya. Even his eyes, spoke more

than his mouth. Kaunting paniningkit lang nito ay talagang nagpapakulo na ng dugo niya. Ang buhok nitong halos natatabunan na ang mga punong tainga dahil sa hindi ginugupitan, his complexion, his lean and muscular biceps, matangos na ilong, manipis at mamula-mulang labi at mga matang masarap tusukin dahil lagi na lang may naiisip na kalokohan—iyon pa lang ay nagpapakulo na nang todo sa dugo niya.

*Nagpapakulo and yet na-memorize mo halos lahat ng features niya?*

"Ano nga'ng ginawa sa 'yo at nasabi mong bastos?"

"Kuya, akalain mo ba namang sabihin niya sa 'king he hates my tongue at wala ba daw akong planong ituwid ang dila ko?"

"Kahit ako naman, ngali-ngali nang putulin ang dila mo kapag nag-iinarte ka," tugon nito.

Sumimangot siya, mas lalong hinigpitan ang pagkahalukipkip. "I hate you!" parang batang himutok niya.

Nakangiting umusog si Zeth para magkalapit sila. Nanggigigil na inakbayan siya nito at piningot ang ilong niya. Inis na tinampal niya ang kamay nito.

"Kasi naman, hindi ko alam kung bakit may ibang taong takot na ipakita ang totoong sarili. Trust me, Princess, kapag nakilala mo nang husto si Shawn, magugustuhan mo ang ugali niya. If I were you, sa halip na practice-in mo 'yang coño lingo at pagiging maarte mo kuno, dapat ang pagtitiwala sa iba ang pina-practice mo. Mas masarap ang maging ikaw kaysa magkunwaring kung sino lang. Hindi masamang ipakita ang kahinaan kung minsan. It's not a crime, right?"

"Yup!" sagot niya agad in a happy tone. "Pero sino ba ang nagpapanggap? So kalokah naman niyan." She turned to her kolehiyala side para hindi na siya umpisahan pang sermonan ng magaling niyang kuya-kuyahan.

Kung kay Veronica ay nakakaya niyang maging happy-go-lucky at isantabi ang problema sa mga magulang, kay Zeth ay hindi. Kung gaano siya kaiwas, ganoon naman ito kakulit. Kaya nilalabas niya na lang sa kabilang tainga ang lahat ng sinasabi nito dahil alam niya namang sa huli ay siya rin ang mananalo. Para sa binata, may split personality siya. Isang Taglish-speaking bratinella na siyang kilala ng maraming tao at isang simple at puno ng hang-ups na Fontaine na tanging sina Zeth, Veronica at ang namayapang yaya niya lang ang nakakaalam.

Sumusukong ginulo na lang nito ang buhok niya. "Siguro kailangan mo lang ng someone na magpapalabas ng totoong ikaw. Ano sa tingin mo?"

"Wow! I'm so thrilled. Can't wait to meet that someone!" she said in a sarcastic way with a mocking smile and exaggerated expression in her eyes.

Pinadaan nito ang kamay nito sa mukha niya nang walang paalam. "Zeth!" inis na reklamo niya na tinawanan lang nito. Hindi niya ito constantly tinatawag na kuya. Depende lang sa trip niya.

Hinampas niya ulit ito ng throw pillow. Hindi naman nagpatalo ang binata hanggang sa nauwi sa pillow fight ang kanina lang ay seryosong usapan.

Natigil lang ang kulitan nila ng binata nang bumungad sa pinto ang lalaking kinaiinisan niya. Bahagya pa itong nagulat nang madatnan ang hitsura nila. Unintentionally ay inayos niya ang buhok nang matagal itong tumingin sa kanya. Pagkatapos ng sa tingin niya ay isang minutong titig nito ay binalingan nito si Zeth at saka hinagis sa ere ang susing hawak. Iyon ang susing binigay niya rito kanina.

"Nagsara ka lang ng shop, natagalan ka na?" alaska ni Zeth matapos saluhin ang susi.

"Dumaan ako sa likod. Namili ng daisies para

bukas." Tumaas-baba ang dalawang kilay nito. At base sa kislap ng mata, may naiisip na naman itong kalokohan.

Tumaas ang isang kilay niya sa narinig. *Magbibigay lang ito ng bulaklak sa nililigawan, daisies pa? So cheap!*